Gout

Ano ang gout?
Kung ang ating katawan ay gumawa ng labis na uric acid, ang urate ay magdedeposito sa mga kasukasuan, na nagiging sanhi ng pamamaga at kirot, at ito ang gout.

1. Paano nagiging labis ang uric acid sa katawan?

Pagkain
Sa ating pangaraw-araw na diyeta, kung gusto natin ang mga pagkain na naglalaman ng mataas na antas ng purine, pagkatapos ang purine ay natunaw sa ating katawan, ang purine ay magiging uric acid.
Henetiko
Sa metabolismo na apektado ng mga henetikong kadahilanan, ang ilang mga indibidwal ay may posibilidad na makagawa ng sobrang uric acid, kasama na ang pagiging masyadong matakaw, kaya sila ay madaling kapitan ng sakit na gout attack.

2. Anong uri ng mga tao ang mas madaling kapitan ng gout?

Karamihan sa mga pasyente na may gout ay higit sa 40 taong gulang, mas higit sa lalaki kaysa babae. Marami sa mga ito ang may henetikong mga kadahilanan, gawi sa pag-iinom ng alak, gustong kumain ng mga pagkain na mayaman sa "Purine" tulad ng offal, shellfish, atbp.

3. Masakit ba kapag nangyayari ang gout?

Oo, at ito ay napakasakit. Kadalasan ang kasukasuan ng mga hinlalaki sa paa ay biglang magiging pula, mamamaga at labis na sumasakit. Matapos ang ilang araw, ang sakit ay magsisimulang mabawasan. Kung hindi makontrol ang dami ng uric acid sa dugo, ang urate ay madedeposito sa iba pang mga kasukasuan tulad ng tuhod, bukung-bukong at mga daliri. Sa madaling salita, kung ang mga pasyenteng may gout ay hindi nakatanggap ng tamang paggamot, ang orihinal na solong pamamaga ng hinlalaki sa paa ay bubuo sa maraming pamamaga ng kasukasuan na madalas na mauulit. Sa mga malubhang kaso ng gout, ang mga kasukasuan ay madidispormado, at bilang isang resulta, ang mga pasyente ay mawawalan ng kakayahan na magtrabaho.
Bukod sa mga kasukasuan, ang sobrang urate ay maaaring madeposito sa iba pang mga bahagi ng katawan tulad ng bato at balat, habang ang nauna ay maaaring maging sanhi ng pinsala sa bato, at ang mga kahihinatnan nito ay malubha.
Maaaring makaapekto sa pag-andar ng bato at maging sanhi ng mga bato (stone) sa mga bato (kidney) o mga malambot na tissue

Copyright © 2019 Hospital Authority. All rights reserved

4. Magagamot ba ang gout?

Ang gout ay hindi kayang gamutin, ngunit ang naaangkop na gamot at paghihigpit sa diyeta ay maaaring makaiwas sa paulit-ulit na mga pag-atake nito.

Copyright © 2019 Hospital Authority. All rights reserved